
SEPTEMBER 2023 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

## *Public hearing ukol sa Ika-5 General Revision of Assessment and Property Classification sa Imus isinagawa*



IMUS City Government Center — Idinaos ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, sa pangunguna ni City Vice Mayor Homer T. Saquilayan, nitong Setyembre 19, 2023 ang public hearing patungkol sa pagbabago ng halaga ng mga lupain at ari-ariang hindi natitinag sa Imus na sisimulang ipatupad sa susunod na taon.


### GOOD GOVERNANCE
| Page 2 & 3

*Public Hearing ukol sa ika-5 General Revision of Assessment and Property Classification
*Pagsasagawa ng Price Monitoring sa ipinatutpad na Price Ceiling
*2024 Budget Deliberation

### SOCIAL SERVICE
| Page 4 & 5

*Emergency Housing Assistance Program ng NHA
*3,213 Imuseno natulungan sa programang AICS ng Imus
*Livelihood Skils Training para sa PWDs
*TEENdig Center hatid ng DOH sa Imus

### EDUCATION
| Page 6

*Pagtatapos ng 2nd Batch Tech-Voc Students ng CCI

### YOUTH
| Page 7


*Junior Business Leader Summit 2023

### DISASTER PREPAREDNESS
| Page 8

*3rd Quarter NSED sa Imus City Hall

















***Mula sa Pahina 1***

Nakasama rin sa naturang hearing si City Mayor Alex "AA" L. Advincula na pinakinggan ang mga kuro-kuro ng mga dumalo.

Napag-usapan dito ang amilyar at ang paraan ng komputasyon nito na kinabibilangan ng market value o ang pinaiiral na kalakarang presyo sa isang lugar, assessment level base sa klasipikasyon ng ari-arian, assessed value o halaga ng ari-arian, at ang ipinapataw na 2.1 percent tax rate.

Tinalakay rin ang kahalagahan ng pangongolekta ng buwis na siyang nagpapatakbo sa isang lugar at kung paano ito ginugugol ng pamahalaan.

Bukod sa pag-unlad ng Imus, pinag-usapan din ang mga ligal na basehan ng ika-5 pangkalahatang pagrebisa ng pagtatasa at klasipikasyon ng mga ari-ariang hindi natitinag.

Ang mga ito ay ang pagkaantala bunsod ng pagiging isang lungsod ng Imus at ang pagsasailalim sa bansa sa State of Health Emergency dulot ng pandemyang COVID-19, ibinabang kautusan ng Bureau of Local Government Finance Region IV-A na magsagawa ng updated general revision of fair market value, at ang tumataas na kabuuang gastusin ng Pamahalaang Lungsod dahil sa patuloy na paglaki ng populasyon nito.

Sa kabila ng pagbabago sa binabayarang amilyar, sinisiguro ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na naibabalik nito ang buwis ng taong-bayan sa pamamagitan ng mga serbisyo, programa, at proyektong patuloy na mag-aangat sa antas ng buhay ng mga mamamayang Imuseño.

# Price ceiling ng bigas ipinatupad sa Imus




IMUS Public Market — Agarang nagsagawa ng inspeksyon ang City Agricultural Services Office, sa pangunguna ni City Agriculturist Robert Marges, sa unang araw ng pagpapatupad ng itinalagang price ceiling ng pamahalaan sa buong bansa noong Setyembre 5, 2023.

Nakasaad sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 39 na hindi dapat tumaas sa P41 kada kilo ang regular na bigas at sa P45 kada kilo ang well-milled na bigas.

Sa pamamagitan ng lingguhang pag-iikot sa pamilihan, sinisiguro ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang masugid na pagbabantay sa presyo ng mga pangunahing bilihin.



# 2024 budget ng Imus, isinapinal

IMUS, Cavite — Pinangunahan ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang tatlong araw na talakayan patungkol sa iminungkahing pondo ng iba’t ibang tanggapan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus para sa taong 2024 noong Setyembre 6 hanggang 8, 2023.

Tinatayang nasa P3.1 bilyon ang kabuuang pondo ng Pamahalaang Lungsod ng Imus para sa susunod na taon. Gugugulin ito ng lokal na pamahalaan sa mga serbisyo, programa, at proyektong patuloy na magpapaunlad sa lungsod.

Kabilang na ang mga programa at proyektong bahagi ng five-point agenda ni Mayor AA: ang kalusugan, edukasyon, at serbisyo publiko, mabuting pamamahala, pabahay at kabuhayan, imprastraktura, at kapaligiran.

Ipinahayag naman ni Mayor AA ang determinasyon ng kaniyang administrasyon na maiangat pa ang antas ng buhay ng mga Imuseño.




## 85 PAMILYANG NASUNUGAN SA IMUS, NAKATANGGAP NG TULONG MULA NHA

IMUS City Government Center — Sa pamamagitan ng Emergency Housing Assistance Program (EHAP) ng National Housing Authority (NHA) Region IV-A, nabigyan ng tulong pinansyal noong Setyembre 11, 2023 ang 85 pamilyang Imuseñong biktima ng sunog.

Ang pamamahagi ay pinangunahan nina Regional Manager Roderick Ibañez ng NHA Region IV-A at Imus City Administrator Tito Monzon.

Ang EHAP ay isa sa mga programa ng NHA na layong matulungan ang mga mamamayang labis na naapektuhan ng mga kalamidad at sakuna gaya ng sunog, lindol, baha, at bagyo.

Patuloy ang pakikipagtulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa iba't ibang ahensya at organisasyon para sa mga Imuseñong higit na nangangailangan.

## 3,213 IMUSEÑO, NABIGYAN NG TULONG PINANSYAL

IMUS Sports Complex — Sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, at ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa iba't ibang tanggapan ng gobyerno, napagkalooban ng tulong pinansyal ang 3,213 Imuseño noong Setyembre 12 at 14, 2023.

Una nang nakipagtulungan ang lokal na pamahalaan sa tanggapan ni Senator Risa Hontiveros noong Setyembre 12, kung saan 437 Imuseño ang nabigyan ng medical at burial assistance.

Sinalubong naman nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Cong. AJ sina Senator Ramon "Bong" Revilla Jr. at Cong. Bryan Revilla ng AGIMAT Partylist sa kanilang pagbisita noong Setyembre 14.

Dito, naipamahagi ang tulong pinansyal sa 2,776 benepisyaryo sa pamamagitan ng programang Assistance to Individuals in Crisis Situation ng DSWD.

Naniniwala ang Pamahalaang Lungsod ng Imus na mahalaga ang magandang samahan sa pagitan ng mga sangay ng pamahalaan para sa ikauunlad ng bayan.



# Kauna-unahang Livelihood Skills Training para sa PWD isinagawa

IMUS City Government Center — Inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang programang Livelihood Skills Training for Persons with Disabilities (PWDs) nitong Setyembre 20, 2023 sa pagtutulungan ng Persons with Disability Affairs Office (PDAO) at ng City of Imus Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial and Enterprise Development Office (CICLEDO).





Natutunan ng 60 kataong may kapansanan kung paano gumawa ng string doormat at recycled bag sa pangunguna ni Mr. Ronnie Yohan at ng mga kawani ng City Environment and Natural Resources Office (CENRO).

Isa ang Livelihood Skills Training sa mga programa ng CICLEDO na layuning maturuan ang mga Imuseño ng iba't ibang kasanayan para matulungan silang makapaghanapbuhay.

Hangad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na sa pamamagitan nito ay maisama sa puwersa ng mga manggagawa at makapagsimula ng kanilang negosyo ang mga may kapansanan.

# TEENDig Center ng DOH, pinasinayaan sa Imus



IMUS National High School — Pinangunahan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang pagtindig para sa kalusugan ng mga kabataang Imuseño sa pagbubukas ng kauna-unahang TEENDig (Trustworthy. Engaging. Encouraging. Nurturing a place for adolescents. Dignity) Center ng Department of Health (DOH) sa Imus nitong Agosto 31, 2023.

Hatid ng TEENDig Center ang mga libreng serbisyong medikal na angkop sa pangangalaga ng kalusugan ng mga kabataan.

Ilan sa mga serbisyong ito ay ang dental at reproductive health consultations; mental health, substance abuse, cancer prevention, at healthy lifestyle counselling; at ang pagkakaroon ng komprehensibong medical history sa pamamagitan ng electronic medical record.

Hinihikayat din ng naturang proyekto ang mga kabataan na maging TEENDig Advocate para malinang pa ang kamalayan ng kanilang kapwa sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalusugan.

Sa isang video message, ipinahayag nina Cong. AJ at City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang kanilang patuloy na pagtindig sa pamamagitan ng pagtatayo ng karagdagang TEENDig Centers sa mga pampublikong paaralan sa Imus.

Ang proyektong TEENDig Kabataan! Kalusugan ay Pahalagahan ng DOH ay nabuo sa kanilang pakikipagtulungan sa Department of Education at sa United States Agency for International Development.





# Ikalawang batch ng tech-voc students ng CCI, nagsipagtapos

IMUS City Sports Complex — Personal na binati ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang 378 mag-aaral ng City College of Imus (CCI) na nagsipagtapos noong Setyembre 1, 2023.

Kinilala rin ang 60 estudyanteng nagsipagtapos dahil sa galing na kanilang ipinamalas.

Hiniling din ng alkalde na magsilbi ang CCI bilang tulay patungo sa kanilang pinapangarap sa buhay.

Handog ng CCI – Technical Vocational Department ang mga libreng kurso para sa mga Imuseñong nais makapag-aral ng technical at vocational courses.



# 289 kabataang Imuseño lumahok sa Junior Business Leader Summit 2023

IMUS City Government Center — Natutunan ng 289 na kabataang Imuseño ang mahahalagang kaalaman sa pagsisimula at pagpapatakbo ng negosyo sa ginanap na “AArangkada ang Negosyanteng Kabataan: Junior Business Leader Summit 2023” nitong Setyembre 26, 2023.

Ibinahagi ng panauhing tagapagsalita na si Paulo Tibig ang kaniyang mga kaalaman pagdating sa pagsisimula at pagpapalago ng negosyo. Nagbigay rin siya ng mensahe sa mga kabataan na hangad niyang magsilbing inspirasyon sa mga ito.





Ang Junior Business Leader Summit 2023 ay pinangunahan ng Local Economic Development and Investment Promotions Office (LEDIPO) at Local Council for the Protection of Children (LCPC).

Bahagi rin nito sina LEDIPO Officer-in-charge Jhett Vilbar-Lungcay, LCPC Focal Person Jericho Reyes, at City Information Officer Ervin Ace Navarette.

Buong suporta ang ibinibigay ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga inisyatiba ng mga kabataang Imuseño tungo sa kanilang maunlad na kinabukasan.

# Imus LGU nakiisa sa 3rd Quarter NSED

IMUS City Government Center — Sa ikatlong National Simultaneous Earthquake Drill, sabay-sabay muling nag-drop, cover, and hold ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Setyembre 7, 2023.

Layunin nito na matiyak ang kahandaan ng mga kawani sa oras na magkaroon ng lindol. Isa rin ito sa mga paraan ng pamahalaan upang mahikayat ang publiko na makiisa at maging handa mula sa banta ng mga lindol.

Ayon sa Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVHOLCS), nakararanas ang Pilipinas ng 100 hanggang 150 lindol kada taon dahil bahagi ito ng "Pacific Ring of Fire."

Bukod sa madalas na paglindol, aktibo rin ang mga bulkan dito. Kaya naman, mahalaga ang kahandaan ng mga mamamayan mula sa mga ito gaya ng pakikilahok sa mga earthquake drill.




## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman


IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite